

学校再開に係る感染防止対策について（夕）

Tungkol sa mga dapat gawin upang makaiwas sa pagkakahawa sa sakit sa pagsisimula ng klase sa paaralan

Magsisimula na muli ang mga aktibidad sa Paaralan ng Elementary at Junior High School sa lungsod ng Komaki, at dahil dito ay hinihiling namin ang inyong pang-unawa at kooperasyon sa mga bagay na aming ipapatupad kagaya ng nakasulat sa ibaba.

TALA

1. 学校生活において Tungkol sa pamumuhay sa paaralan

Laging isa-isisip ang 3 kondisyon ng “*social distancing*”, kasabay nito upang makaiwas sa kalagayan sa ngayon, **ay mahigpit naming ipinapatupad ang mga bagay tulad ng paghuhugas ng kamay, pagmumumog at pag ventilate ng lugar upang makaiwas sa pagkakahawa sa sakit.**

「Mga saradong lugar」 Mga lugar na unventilated

「Mga lugar na crowded」 Mga lugar na maraming taong nagtitipon-tipon

「Masyadong magkalapit」 Nakikipag-usap na masyadong magkalapit

※Ang mga bagay na nakasulat sa itaas ay aming ipapatupad sa mga guro at mag-aaral, higit sa lahat ay tuturuan namin na mag-ingat ang bawat isa lalo na sa pakikipag-usap ng masyadong malapit at pag punta sa crowded na lugar.

① 登校時について Tungkol sa pag pasok sa paaralan

- Tuturuan namin na gamitin ang sabon na nasa hugasan ng kamay at magbanlaw ng mabuti.
- Kabilang ang handmade mask, ay tuturuan namin sila na magsuot ng mask.
- I-che-check din namin ang 「Health observation card」 na pinapasulatan sa bawat tahanan
- Kung makikitaan na nilalagnat at may sintomas ng colds ay papauwiin ang bata at tatawagan namin ang mga Magulang.

② 授業について Tungkol sa Aralin

- Luluwagan ang distansya sa pagitan ng mga upuan sa loob ng Classroom sa oras ng aralin.
- Laging i-ve-ventilate ang lugar.
- Babawasan ang mga group activities, at iiwasan ang pag-uusap ng magkakarapan.

③ 放課について Tungkol sa breaktime

- Bubuksan ang bintana ng classroom at pintuan upang mag-ventilate
- Sasabihan namin ang mga bata na huwag masyadong makakalapit.

④ 給食について Tungkol sa School lunch

- Kinakailangang maghugas ng kamay bago ang lunch time.
- Higit sa lahat ay kinakailangang magsuot ng mask ang naka-toka sa paghahatid ng School lunch, kasabay ng pagsa-sanitize ng kamay ay idi-disinfect din namin ang serving cart.
- Ilalagay din ng naka-toka sa School lunch ang pagkain sa ibabaw ng bawat lamesa. (Hindi ito iaabot sa bawat isa)

- Sa oras ng pagkain ay hindi paghaharapin ang mga lamesa, at iiwasan na mag-usap ang bawat isa.
- Hanggang June 12 (Friday) ang staple food ay tig-iisang nakabalot na tinapay,

⑤ 部活動について **Tungkol sa “Bukatsu”**

Tungkol sa pagsisimula nito ay pansamantala munang titignan ang kalagayan pagkatapos magsimula ang regular na klase at saka pa lamang pagdedesisyunan ito. Gayundin, para sa pag-iwas sa pagkakahawa ng sakit “infectious disease” sa pagsisimula ng “bukatsu” ay mga club activities lamang sa loob ng paaralan ang gagawin.

⑥ その他 **At Iba Pa**

- Babawasan ang pagtitipon-tipon sa loob ng paaralan, mga aktibidad sa labas at pag-aanunsyo sa loob ng paaralan ay iiklian ng oras.
- Pagkatapos ng uwian ay lubos na gagawin ang pagpupunas ng mga lugar na hinahawakan ng mga bata. (door knob, hand rail, switch, handle ng gripo) at tututukan ang pag-disinfect ng mga ito.
- Gagawin din ng mga guro na mag-check ng sariling body temperature, kung may nararamdaman ba na tulad ng sintomas ng colds, at pag-iingat sa sarili or self-care manangement
- Gagabayan din ang lahat na mga faculty members na magkaroon ng pang-unawa sa isa't-isa “mutual understanding” upang maiwasan ang diskriminasyon, panghuhusga at pang bu-bully sa mga mag-aaral na nagmula sa ibang bansa.

2. 家庭へのお願い **Pakiusap sa bawat tahanan**

- Pinapakiusap na maghanda ng mask kasama na din ang mga handmade mask.
- Tuwing umaga ay i-check ang body temperature at kalagayan ng katawan ng anak at isulat ito sa 「Health observation card」 pagkatapos lagyan ng pirma “inkan” ay ipasa ito sa class adviser.
- Kung nakitaan na masama ang pakiramdam, may sinat, ubo at masakit ang lalamunan ay huwag munang papasukin sa paaralan. Mag-ingat din kung hirap huminga at may matinding panlalata ng katawan.
- Sa mga Mag-aaral na nakikitaan na hindi maganda ang lagay ng katawan ay, papauwiin ng maaga kung kinakailangan at tatawagan din ang mga Magulang. Hinihiling namin ang inyong pang-unawa at kooperasyon.
- Hinihiling namin ang inyong kooperasyon na iwasan ang pang bu-bully, diskriminasyon at panghuhusga sa mga maysakit, o nagkaroon ng contact/ nakahalubilo ng maysakit.
- Pinapakiusap na ugaliing gawin sa bahay ang paghuhugas ng kamay at pagmumumog.
- Kung lalabas ng bahay, ay umiwas sa mga lugar na maraming tao.
- Upang mabawasan ang stress at kakulang sa exercise ay, sikaping mag exercise sa labas ng bahay subalit mag-ingat sa heat stroke. Gayundin, pag-uwi ng bahay ay ugaliing maghugas ng kamay at magmumog.
- Laging isa-isip na pataasin ang resistensya ng katawan at ayusin ang life-style tulad ng (pagkakaroon ng sapat na tulog, sapat na exercise at balanseng pagkain)
- Sa paaralan, bagama't lubos naming pag-iingatan na hindi masyadong mapagod ang katawan at pag-iisip ng mga bata habang sinisikap ang pagpapatuloy ng mga aralin, hinihiling din namin na pag-iingatan ang mga pagbabago ng pag-iisip at katawan ng mga bata sa inyong tahanan.